# Hindi Ngayon

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
September 26, 2020

Tayong mga Kristiyano ay nakaharap sa maraming labanan. Inaatake tayo ng demonyo sa isip, puso, at kaluluwa sa pamamagitan ng kasinungalingan, pandaraya, pananakit, at maling paratang. Maaaring malakas ang demonyo, ngunit mas malakas ang ating Diyos, at Siya ay nasa tabi lang natin. Maaari nating maharap ang demonyo, tangan ang salita ng Diyos, at sabihin natin, **"hindi ngayon!"**

Bilang mga Kristiyano, narito ang mahahalagang tagubilin sa pagharap sa laban natin araw-araw.

**1.Espirituwal ang ating labanan.**

- Inaatake tayo ng demonyo sa ating espirituwal na buhay. Nangyayari ang labanan sa ating kaluluwa. Gusto niyang sirain lahat ng magagandang bagay lalong-lalo na ang relasyon natin sa Diyos.
- Dapat malaman ang mga espirituwal na labanan natin sa araw-araw. Ginagamit ng demonyo ang pisikal nating tunggalian para makapasok siya sa espirituwal na labanan. *"Sapagkat ang labanan nati'y hindi mga tao, kundi mga pinuno, mga may kapangyarihan, at ang tagapamahala ng kadilimang namamayani sa sanlibutang ito ang mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid"* (Efeso 6:12).

**2.Bakit tayo nanalo sa labanan?**

- Kailangang kilalanin natin ang demonyo. Kilala siya na ama ng kasinungalingan at mamamatay tao na sa simula pa (Juan 8:44). Ayaw niyang magtiwala tayo sa Diyos at sa Kanyang mga salita. Sa Genesis, naghasik ang demonyo ng mga buto ng pag-aalinlangan sa mga batas ng Diyos sa ating unang magulang sa halamanan ng Eden (Genesis 3). Ngayon, naglalagay pa rin siya ng pag-aalinlangan sa ating isipan tungkol sa mga batas at salita ng Diyos na nakakaapekto sa ating buhay.
- Kailangang alamin natin ang mga salita ng Diyos dahil ito ang pinakamabisang sandata laban sa demonyo. *"Sapagkat ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa, higit na matalas kaysa sa alinmang tabak na magkabilang talim"* (Heb 4:12). Ang salita ng Diyos ay tabak na kaloob ng Espiritu (Efeso 6:17), at ginagamit natin itong panlaban sa demonyo. Ginamit ni Jesus ang salita ng Diyos para maitaboy ang demonyo (Matt. 4). Kaya't, gamitin natin ang salita ng Diyos para lumayo ang demonyo sa atin.

**3.Laging maghanda sa labanan.**

- Ang pag-aaral sa salita ng Diyos ay parang pagsasanay sa labanan, at ang tuloy-tuloy na pag-aaral ay personal na mithiin.
- Magdasal sa Diyos at pagnilayan ang Kanyang mga salita. Pinapaalalahanan tayo na ang mga dasal ay hindi lamang sa mga kahilingan, paki-usap, daing at sumbong.
- Ang salita ng Diyos ay nagkakaloob at gumagabay sa ating pang araw-araw na labanan. Naglalaman ito ng iba't ibang bersikulo para protektahan tayo laban sa takot, depresyon, pag-aalala, suliranin sa pananalapi, at mga usapin sa pamilya. Ang salita ng Diyos ay nagbibigay ng kagalingan, lakas, kasaganaan.

**Konklusyon:** May labanang espirituwal tayo araw-araw; kaya't araw-araw din nating kailangan ang salita ng Diyos. Laging nandiyan ang Diyos, at ang Kanyang salita ay naging tao at nakipamayan sa atin, at Hesu Kristo ang Kanyang ngalan. Ang makapangyarihang ngalan ng Diyos ay nagtataboy ng demonyo at nagproprotekta sa Kanyang mga iniibig. Nasa panig tayo ng mga nagwawagi, at lakas loob nating isigaw sa demonyo, **"Hindi ngayon, bukas at magpakailanman."**

**Pagninilay:**

1.Ano ang plano mo sa pag-aaral sa Bibliya?
2.Kumusta ang buhay pananalangin mo?
3.Ano ang hinaharap mong personal na labanan na nangangailangan ng salita ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edi t at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials